



Gabay sa Ligtas na Paglalakbay ng Imigranteng Pamilya ng LGBTQ+

Paunawa: Ang babasahing ito ay naglalaman ng pangkalahatang impormasyon. Hindi ito payong legal na tutugon sa iyong espesipikong sitwasyon. Pinag-iingat ang mga miyembro ng komunidad at hinihikayat na makipag-ugnayan sa abogadong pang-imigrasyon na may karanasan sa LGBTQ+ tungkol sa kanilang sariling kaso.

Ang babasahing ito ay binuo ng Family Equality and the National Immigration Law Center (NILC).

Dagdag na peligro sa paglalakbay ng imigranteng pamilya ng LGBTQ+

Karapatan ng lahat na makapaglakbay, bumisita sa mga mahal sa buhay, at mamasyal sa mga bagong lugar nang walang pangambang maaaresto, makukulong, o made-deport. Ngunit pinupuntirya ng Department of Homeland Security (DHS) ang mga imigrante at pamilya ng mga imigrante sa mga bago at peligrosong pamamaraan. Bilang bahagi ng [kampanya para sa malawakang deportasyon](#) ng administrasyon ni Trump, nang-aresto at nagkulong ang mga pang-imigrasyong opisyal sa mga paliparan. Maaaring maging peligroso ang paglalakbay at pagdaan sa mga paliparan sa U.S. kung ikaw ay hindi mamamayan ng U.S. o kung bahagi ka ng pamilyang mixed-status. Totoo ito kahit pa mayroon kang aktibo o pending na estadong legal sa iyong imigrasyon, pumasok sa United States nang walang nilabag na batas, o nakapaglakbay nang walang aberya sa nakalipas.

Dumami ang mga pag-arestong may kaugnayan sa imigrasyon sa mga paliparan sa U.S. Ang Transportation Security Administration (TSA), ang ahensiya ng gobyerno na nakatoka sa seguridad sa mga paliparan, ay [nagbabahagi ng personal na datos ng mga pasahero](#) sa Immigration and Customs Enforcement (ICE). Ang datos na ito ay maaaring naglalaman ng mga pangalan, litrato, at iba pang detalye. Magagamit ng ICE ang mga ito para mang-aresto at magkulong sa mga paliparan sa buong bansa. Nananatili ang peligro kahit pa kasama sa paglalakbay ang mga kapamilyang opisyal nang mamamayan ng U.S.

Dagdag na peligro sa mga kapamilya ng LGBTQ+

Dumami rin ang mga kaso ng pag-atake ng administrasyon ni Trump sa mga miyembro ng LGBTQ+, lalo na sa mga transgender at nonbinary. Sa unang araw niya sa puwesto, pumirma si Pangulong Trump sa [executive order](#) na naglilimita sa pagtukoy ng gobyernong pederal sa kasarian. Sa madaling-sabi, ayon sa kautusan, hindi kinikilala ng United States ang mga transgender at nonbinary. Tinanggal din ng administrasyon sa maraming ahensiyang pederal



ang mga sanggunian at gabay na inklusibo sa LGBTQ+. Ang mga aksiyong ito ay maaaring makadagdag sa peligro ng interogasyon, pagkakakulong, pagkakaaresto, o deportasyon ng mga imigranteng LGBTQ+, o ng mga taong ipinagpapalagay na miyembro ng LGBTQ+, o mga imigrante. Maaaring lalong tumindi ang peligro para sa mga imigranteng transgender o nonbinary.

Kung ikaw ay transgender, nonbinary, o taong ang ipinapahayag na kasarian ay mukhang iba sa kasariang itinakda sa kapanganakan, mas may peligro rin na ikaw ay pahintuin para sa dagdag na pagsisiyasat ng TSA o iba pang tagapagpatupad ng batas habang naglalakbay. May partikular na bantang maaresto kaugnay ng imigrasyon ang mga miyembro ng LGBTQ+ dahil ang ICE ay may [mahabang kasaysayan ng di-patas na trato at pang-aabuso](#) sa mga nakakulong na miyembro ng LGBTQ+. Halimbawa, ngayon, [kahingian](#) na ng administrasyon ni Trump na ikulong ang mga imigranteng transgender kasama ng mga kapareho nila ng itinakdang kasarian sa kapanganakan. Mailalagay sa panganib ng [pagkakaaresto at danas ng karahasan](#) sa mga bansang may mga batas na laban sa LGBTQ+ ang mga imigranteng LGBTQ+ na made-deport.

Maaaring mas marami ang mga tanong sa iyo sa paliparan kung ang pagkakakilanlan o itsura mo ay hindi tugma sa nakasaad na kasarian mo sa iyong ID. Halimbawa, maaari itong mangyari kung isa kang transgender na babae at “lalaki” ang nakasaad sa iyong ID, o kung ang babaeng mukhang lalaki ang itsura at pananamit ay may ID na “babae” ang nakasaad. Kung isa ka ring imigrante, ang mga tanong na ito ay nakakadagdag ng peligrong ikaw ay maaresto, ikulong, o ipa-deport ng ICE.

Pinakamahalaga ngayon para sa mga imigrante at mga pamilyang mixed-status ang maghanda at mag-isip nang maigi bago maglakbay. Kahit pa legal ang estado ng imigrasyon at kompleto sa mga papeles, nanganganib pa rin ang di-opisyal na mamamayan ng U.S. na makulong, maaresto, o ma-deport. Pinupuntirya na rin ng ICE maging ang mga mamamayan ng U.S. base sa kulay ng balat, lahi, etnisidad, at/o wikang sinasalita.

Sa pinagsamang kadalubhasaan sa mga pamilyang LGBTQ+ at imigrasyon, binuo ng Family Equality at NILC ang babasahing ito upang maghatid ng impormasyon at praktikal na mga hakbang para maprotektahan ang sarili at mga kapamilya habang naglalakbay.

Kapanatagan ng Isip Mo, ng Iyong mga Anak, at ng Iyong Pamilya

Maaaring ikaw, ang mga anak mo, at ang pamilya mo ay natatakot at kinakabahan sa mga nangyayari sa mga imigrante at mga taong ipinagpapalagay na imigrante ng ICE. Lehitimo ang mga nararamdaman mong ito at mahalagang maibahagi mo ang damdamin mo, at mabigyan mo rin ng espasyo ang iyong mga anak para maibahagi rin nila ang kanilang mga saloobin at ikinatakot habang pinapaluwag din ang kalooban. Makatutulong ang pag-uusap



bilang isang pamilya tungkol sa dapat asahan at kung paano pananatilihin ang ligtas ang isa't isa bago maglakbay. Makatutulong din ang pakikinig lang sa iyong mga anak at hayaan silang magbulalas ng nararamdaman, at tingnan kung may maaari kang gawin para maharap nila ang kanilang takot at alalahanin nang hindi sila lalong tinatakot.

Ang “[Staying Whole & United: A Love Letter and Support Guide for Families Navigating Harmful Immigration Raids and Policies](#)” ay magandang babasahin para matulungan kang talakayin ang mga ganoong bagay kasama ng iyong mga anak.

Sino ang pinakananganganib na mapatawan ng parusa ng tagapagpatupad ng batas pang-imigrasyon habang naglalakbay?

Humaharap sa banta ng parusa ng tagapagpatupad ng batas pang-imigrasyon ang lahat ng di-opisyal na mamamayan na naglalakbay sa pamamagitan ng paliparan. Maaaring kasama sa pagpapatupad ng batas pang-imigrasyon ang interogasyon, pagkakaaresto, pagkakakulong, pagsailalim sa mga pagdinig na kaugnay ng deportasyon, o deportasyon. Makatutulong ang mga seksiyon sa ibaba sa iyong pag-unawa sa mga peligrong maaaring makaharap mo o ng iyong pamilya kapag naglalakbay sa pamamagitan ng paliparan.

Mga di-opisyal na mamamayan ang pinakananganganib:

Ang mga taong pinakananganganib na mapatawan ng parusa ng tagapagpatupad ng batas pang-imigrasyon sa paliparan ay ang mga di-dokumentado, may order ng deportasyon, may di-tiyak na estado, o may iba pang salik ng panganib gaya ng tala ng pagkakaaresto dahil sa salang kriminal. Kasama sa mga ito ang:

- ▶ **Mga taong may order ng deportasyon:** Mataas ang posibilidad na maaresto ka sa paliparan kung mayroon kang order ng deportasyon, tinatawag ding order ng pag-alis. Dahil sa order na iyon, gaano man kaluma, maaari kang arestuhin at ipa-deport agad ng ICE. Totoo ito kahit pa hindi mo alam na naisyuhan ka ng order, kahit na nailabas ang order noong bata ka pa, o kahit hindi ka pa nakakakita ng husgadong pang-imigrasyon.
 - Paano i-check kung mayroon kang order ng deportasyon: Kung binigyan ka ng gobyerno ng dokumentong may “alien registration” number (A number), maaari mong i-check online gamit ang Executive Office for Immigration Review [website](#) o sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-898-7180. Makinig sa prompt na magbibigay ng impormasyon tungkol sa huling desisyon.
- ▶ **Mga taong may legal na estadong tinapos na ng gobyerno:** Mataas ang posibilidad na maaresto ka kung na-terminate na ng gobyerno ang iyong estado. Maaaring kasama rito ang [Temporary Protected Status](#) (TPS) o parole na nag-expire na o tinapos na ng



gobyerno. Ilan sa mga halimbawa kamakailan lang ay ang Cuban, Haitian, Nicaraguan, at Venezuelan (CHNV) parole program, Uniting for Ukraine (U4U), at CBP One. Tinapos na rin ng gobyerno ang ilang [family reunification parole programs](#) para sa mga mamamayang mula sa Colombia, Cuba, Ecuador, El Salvador, Guatemala, Haiti, at Honduras na may pending na pampamilyang aplikasyon para sa imigrasyon.

- ▶ **Mga taong may expired na visa o lumagpas na sa pinapayagang tagal ng pananatili:** Inaaresto at ikinukulong ng ICE ang mga taong may visa na wala nang bisa dahil nag-expire na o nanatili ka lagpas sa pinayagang tagal ng iyong pananatili.
 - Para malaman kung expired na ang pinayagang panahon ng iyong pananatili, kailangan mo ang passport na ginamit mo para makapasok sa bansa. Tumungo sa Customs and Border Protection (CBP) I-94/I-95 [government website](#).
- ▶ **Mga taong pending ang aplikasyon para sa imigrasyon:** Inaaresto at ikinukulong ng ICE ang mga tao kahit pa nakapagsumite na sila ng aplikasyon para sa imigrasyon sa United States. Kasama rito ang mga taong nag-apply para sa asylum, green card (permanenteng pananatili sang-ayon sa batas), o iba pang anyo ng permanenteng proteksiyon. Kasama rin dito ang mga aplikasyong para sa pagpapabago o pagpapalawig ng estado habang nasa United States. Nagkukulong din ang ICE ng mga taong may awtorisasyong magtrabaho base sa kanilang pending na aplikasyon para sa estado.
- ▶ **Mga taong may anumang tala ng salang kriminal, kahit pa naibasura ang kaso:** Kung ikaw ay may tala ng pagkakaaresto dahil sa salang kriminal, maaari kang subukang arestuhin ng mga pang-imigrasyong opisyal, kahit pa iniurong o ibinasura ang kaso. Base sa batas pang-imigrasyon, ang ilang mga kaso ay itinuturing na “sentensiya” kahit pa sinabi sa iyong sarado na ang kaso o ibinasura ang iyong pag-amin sa pagkakasala. Kung ikaw ay may tala ng pagkakaaresto, makipag-ugnayan sa bihasang abogado pang-imigrasyon bago maglakbay.
- ▶ **Sinumang may di-dokumentadong estado ng imigrasyon:** Mataas ang posibilidad ng peligro para sa sinumang di-dokumentadong taong naglalakbay sa United States sakay ng eroplano. Kung isa kang di-dokumentadong taong aalis sa United States, sisiyasatin ka sa ilang pamamaraan.
 - Tala: Itinataguyod ng gobyerno ang programang “CBP Home” para hikayatin ang mga imigrante na kusang umalis sa United States. Kung ikinukonsidera mo ang alternatibong ito, makatutulong na aralin ang babasahing pangkomunidad na ito, na nagsasaad ng ilang alalahanin at kaakibat na peligro: “[Know your Rights: CBP Home](#).” Walang naiulat sa aming mga opisyal na gobyerno na nang-aresto ng mga taong paalis sa United States. *Mayroong* banta ng pag-aresto at

pagkulong para sa mga taong paalis sa United States kung mayroong umiiral na kautusan ng hukuman para sa iyong pagkakaaresto.

Mga may green card (mga permanenteng residente sang-ayon sa batas):

Maaari pa ring arestuhin ng mga pang-imigrasyong opisyal ang mga may green card kung mayroon silang tala ng sentensiya ng hukuman (kahit maliliit na kaso) o ng pagkakaaresto. Pinuntirya na rin ng administrasyon ni Trump ang ilang mga may green card dahil sa kanilang mga politikal na gawain o paniniwala.

Kung ikaw ay may green card, may banta sa iyo ng pagkakaarestong kaugnay ng imigrasyon kung ikaw ay:

- ▶ May tala ng sentensiya ng hukuman, kahit sa maliliit na kaso.
- ▶ May pending na hatol ng hukuman o naaresto sa nakalipas, kahit pa hindi ito humantong sa sentensiya, kung babalik sa United States matapos maglakbay sa labas nito.
- ▶ Nagpahayag ng mga ideya o nakisangkot sa mga protestang hindi gusto ng administrasyon ni Tump.
- ▶ Gumugol ng higit sa 180 araw (tuloy-tuloy) sa labas ng United States.

Dagdag na Peligro para sa Pamilya ng LGBTQ+

Batid ng Family Equality na marami sa mga miyembro ng LGBTQ+ at imigranteng pamilya ang aktibo sa espasyo ng adbokasiya. Pagpapahalagang pampamilya para sa marami ang paglaban sa kawalan ng hustisiya at pagdalo sa mga protesta para marinig ang tinig mo, pagbabahagi ng panawagan sa pagkilos, o pagsali sa mga organisasyong nangangalaga at nagsusulong ng pagkakapantay-pantay. [Ipinapakita ng mga pag-aaral](#) na ang kabataang LGBTQ+ ay mas malamang na makisangkot sa mga protesta kaysa sa mga kasamang hindi LGBTQ+. Sa kasamaang-palad, mailalagay ka nito o ang pamilya mo sa dagdag na peligro ng pagkakaarestong kaugnay ng imigrasyon. Habang nakikilahok ka sa mga espasyo ng adbokasiya, tandaang laging maging handa at bigyang-prioridad ang kaligtasan.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Human Rights Campaign, [Tips for Preparedness, Peaceful Protesting, and Safety](#).

Kung maglalakbay, ang mga may green card ay dapat na mas mag-ingat kung ikaw ay **nasentensiyahan ng hukuman**. Tandaang kahit ang ilang kriminal na pagkakasala ay hindi nasentensiyahan ng hukuman dahil naibasura o naiurong, *maaari pa ring ituring* na sentensiya



ang mga ito sa sistema ng imigrasyon. Maaari kang arestuhin o subukang ipa-deport ng ICE kung ikaw ay may green card at nasentensiyahan kaugnay ng:

- ▶ Droga, kabilang ang marijuana (kahit legal ito sa iyong estado)
- ▶ Mga baril
- ▶ Domestikong karahasan, pang-aabuso sa bata, o paglabag sa isang protective order
- ▶ Mga krimeng may kinalaman sa panlilinlang, pagnanakaw, shoplifting, o sadyang pananakit sa iba
- ▶ Mabibigat na krimen kung ang sentensiya ay isang taon o higit pa, kahit pa nasuspinde ang sentensiya
- ▶ Pagpapanggap na isang mamamayan ng U.S., gaya ng pag-check sa kahong nagsasaad na isa kang mamamayan ng U.S. sa pormularyong pantrabaho o pagpaparehistro sa pagboto.

May dagdag na panganib para sa mga may green card na **maglalakbay sa labas ng bansa**. Kung ikaw ay may green card, mas mataas ang posibilidad na ikaw ay maaresto pagbalik mo mula sa labas ng bansa kung ikaw ay may *tala ng pagkakaaresto* (kahit pa naibasura ang mga kaso) o kung ikaw ay naaresto o nasentensiyahan sa anumang dahilang may kinalaman sa marijuana. Isaisip ang sumusunod bago magdesisyong maglakbay sa labas ng bansa:

- ▶ **Tala ng pagkakaaresto o sentensiya:** Kamakailan, naglabas ng desisyon ang Korte Suprema na nagpapahintulot sa mga pang-imigrasyong opisyal na mang-aresto ng mga may green card na nagbabalik mula sa paglalakbay sa labas ng bansa base lamang sa nakaraang tala ng kaso o pagkakaaresto, kahit pa ang kaso ay pending o hindi nauwi sa sentensiya.
- ▶ **Kaso o sentensiyang may kinalaman sa marijuana:** Karaniwang hindi maipapa-deport mula sa United States ang mga may green card dahil lamang sa isang sentensiya para sa maliit na halaga ng marijuana at walang ibang tala ng kriminal na pagkakasala. Gayumpaman, kung ikaw ay may green card na nagbabalik sa United States mula sa paglalakbay sa labas nito, *mayroong* awtoridad ang ICE na ikaw ay ikulong at subukang ikaw ay ipa-deport kung may iisa kang maliit na kaso o sentensiya ng pagmamay-ari ng marijuana, o kung umaamin kang gumamit o nagmay-ari ka ng marijuana sa nakalipas.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga peligro sa iyo bilang may-ari ng green card, tumungo sa NILC's [Green Card Holders: Know Your Rights & Risks During the Second Trump Administration](#).

Mga napagkalooban ng DACA (mga taong may Deferred Action for Childhood Arrivals):



Ang DACA ay pansamantalang proteksiyon sa deportasyon para sa mga taong bata nang dumating sa United States. Gayumpaman, kamakailan, nang-aresto, nagkulong, at nagpa-deport ang ICE ng ilang kataong napagkalooban ng DACA o iba pang anyo ng Deferred Action, kaya maaari pa ring maging mapanganib ang paglalakbay sa pamamagitan ng paliparan kung ikaw ay napagkalooban ng DACA o iba pang anyo ng Deferred Action.

Para sa karagdagang gabay para sa mga napagkalooban ng DACA, tumungo sa [Home is Here's Guidance for DACA Recipients](#).

Mga espesyal na konsiderasyon para sa mga pamilya at magulang na mixed-status:

Hindi nakapagpapababa ng posibilidad ng pagkakaaresto ng mga kapamilyang di-opisyal na mamamayan ang paglalakbay [kasama ng anak na opisyal na mamamayan ng U.S.](#) o ng anak na may balidong estado ng imigrasyon. Karaniwang magkakasamang pamilya ang inaaresto ng mga pang-imigrasyong opisyal, at sa ilang kaso, nakulong at na-deport ang mga batang opisyal na mamamayan ng U.S. kasama ng mga imigranteng magulang.

Kung ikaw ay magulang, alam mo dapat na [may polisiya ang ICE](#) na nagsasaad na ang mga magulang na nakakulong dahil sa estado ng imigrasyon ay may karapatang magdesisyon tungkol sa mangyayari sa kanilang mga anak. Sa polisiya ng ICE, nakalimita ang [depinisyon ng magulang](#) sa “inang nagsilang o amang nag-ambag sa genetical na aspekto sa biyolohiya ng bata” at “indibidwal na legal na umampon ng bata o legal na naitalaga bilang tagapangalaga.” Sa polisiyang ito, ang mga biyolohikal o legal na umampong mga magulang ay maaaring magdesisyon kung ang anak nila ay mananatili sa United States o made-deport kasama nila. Gayumpaman, hindi palagi ang pagsunod ng ICE sa sarili nitong mga polisiya.

Kung ikaw na magulang o legal na tagapangalaga ay di-opisyal na mamamayan na nag-iisip na maglakbay kasama ng anak o mga anak mo, maaari kang mag-set ng pampamilyang planong pangkaligtasan bago umalis. Kabilang dito ang pag-set ng panandaliang pagiging tagapangalaga para may pinagkakatiwalaang nakatatanda o kaibigan na maaaring mag-asikaso sa iyong anak o mga anak kapag ikaw ay nakulong.

Kung ikaw ay di-opisyal na mamamayan na magulang o legal na tagapangalaga at ang iyong katuwang ay opisyal na mamamayan ng U.S. o may legal na estado, siguraduhing ang katuwang ay mayroon ding legal na ugnayan sa iyong mga anak.

Dagdag na Peligro sa mga Magulang na LGBTQ+
--



Madalas na kailangan ng mga magulang na LGBTQ+ ng karagdagang mga hakbang para mapagtibay ang legal na ugnayan ng lahat ng magulang sa kanilang mga anak. Pinakamainam na paraan para sa mga magulang na LGBTQ+ upang maprotektahan ang kanilang pamilya ay ang siguraduhing lahat ng magulang ay may legal na ugnayan sa lahat ng anak sa pamamagitan ng pagkuha ng court order ng pagiging magulang o ng pag-ampon. ***Totoo ito kahit pa ikaw ay kasal at parehong magulang ang nakalista sa sertipiko ng kapanganakan ng bata.*** Maaaring ipakita ng sertipiko ng kapanganakan na ang mag-asawa ay ipinagsasalagay na mga magulang ng bata, pero hindi ito kaparehas ng court order na nagkukumpirma kung sino ang mga legal na magulang, at maaari itong makuwestiyon kalaunan. Nakadepende sa iyong estado ang mga hakbang sa pagkumpirma ng pagiging magulang. Kabilang sa mga pagpipilian ang pag-ampon, court order ng pagiging magulang, o boluntaryong pag-ako ng pagiging magulang.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapatibay ng pampamilyang planong pangkaligtasan, tumungo sa Immigrant Legal Resource Center's [Step-by-Step Family Preparedness Plan](#).

Mga taong ikinokonsiderang maglakbay sang-ayon sa paunang parole:

Ang paunang parole ay permiso mula sa gobyerno ng U.S. para sa ilang di-opisyal na mamamayan na bumiyahe sa labas ng United States, at hinihinging sila ay bumalik pagkatapos ng maikling paglalakbay. Hindi ito garantiya na papayagan ka ng gobyerno na makabalik sa bansa. Ang mga taong napagkalooban ng DACA, TPS, o may mga pending na aplikasyon para sa green card ay madalas na gumagamit ng paunang parole.

Sa kasalukuyan, ang paglalakbay sang-ayon sa paunang parole ay may higit na peligro at kawalan ng kasiguraduhan. Noong Agosto 2026, ang Board of Immigration Appeals, na nagrerebyu ng ilang desisyon ng korteng pang-imigrasyon, ay binago ang maaaring maging epekto ng paglalakbay sang-ayon sa paunang parole para sa ilang imigrante. Nakasaad sa desisyon na ang mga taong aalis sa United States pagkaraan ng Agosto 13, 2026, at humigit sa 180 araw ang labag sa batas na pagkawala sa bansa, ay maaaring hindi na makabalik sa United States o makakuha ng green card sa loob ng tatlo hanggang sampung taon. Ang mga parusang ito ay madalas na tinatawag na three- at ten-year bars.

Dahil sa mga pagbabagong ito, inirerekomenda namin sa sinumang nagbabalak mag-apply o gumamit ng paunang parole na makipag-usap sa abogado tungkol sa mga peligro, kahit pa mayroon ka nang dokumento ng aprubadong paunang parole.



Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa paunang parole at paglalakbay sa labas ng bansa, tumungo sa NILC's [Community Alert: Traveling on Advance Parole Now Triggers 3- and 10-Year Bars](#).

Mga Imigranteng may legal na estado:

Kung ikaw di-opisyal na mamamayan ng U.S. ngunit may legal na estado ng imigrasyon, **magdala ng mga dokumentong nagsasaad ng legal na estado mo kapag ikaw ay naglakbay.** Dapat dalhin ng mga may green card ang kanilang green card. Ang mga taong napagkalooban ng TPS o DACA ay dapat na magdala ng balidong dokumento at papeles kaugnay ng iyong trabaho na nagsasaad ng estadong iyon. Ang mga taong napagkalooban ng asylum o iba pang estado ay dapat na magdala ng mga dokumentong nagpapakita ng estado at petsa kung kailan iyon ipinagkaloob. Mag-iwan ng mga kopya ng mga ito sa ligtas na espasyo sa bahay, at ipaalam sa pinagkakatiwalaan kung saan makikita ang mga ito.

Mag-ingat kung foreign passport ang dala mo! Sapat ang pagkakaroon ng foreign passport o iba pang dokumentong nagpapakitang ipinanganak ka sa labas ng United States para magpataw ang gobyerno ng kaso ng deportasyon laban sa iyo. Kung ikaw ay di-dokumentado o may pansamantalang estado sa United States, may posibilidad na ikaw ay maaresto kaugnay ng imigrasyon kapag ikaw ay naglakbay – tingnan ang itaas para sa karagdagang detalye.

Kung ikaw ay di-opisyal na mamamayan ng U.S. at naaresto ka na sa nakalipas, magdala ng mga **sertipikadong kopya ng mga dokumentong mula sa korte** na nagsasaad kung paano naresolba ang kaso mo. Makatutulong ang pagkakaroon ng mga talang ito na maipaliwanag ang iyong nakaraang pagkakasala sakaling ikaw ay makuwestiyon. Mahalaga ito kahit pa naibasura ang kaso. Kung ikaw ay di-opisyal na mamamayan at naaresto na sa nakalipas, posible kang maaresto kaugnay ng imigrasyon kapag ikaw ay naglakbay – tingnan ang itaas para sa karagdagang detalye.

Mga mamamayan ng U.S. na maaari ring puntirya hin ng ICE:

Kung ikaw ay opisyal na mamamayan ng U.S., **magdala ng patunay ng iyong pagkamamamayan ng U.S. kung ikaw ay maglalakbay sakay ng eroplano.** Ang pinakamadaling paraan para mapatunayan ang pagkamamamayan ng U.S. ay ang iyong kasalukuyang passport, kahit pa hindi ito kinakailangan sa paglalakbay sa loob ng bansa. Makakukuha ng U.S. passports ang lahat ng mamamayan ng U.S. Kabilang dito ang mga naturalisadong mamamayan, anuman ang edad at maging ang mga menor. Kung wala ka pang passport, maaaring [mag-apply sa U.S. State Department](#) para magkaroon nito.



Maaari ring magkaaberya para sa mga transgender at nonbinary na maglalakbay kung hindi tugma ang mga dokumentong pang-identidad nila, gaya ng driver's license na may tumpak na kasariang ipinapahayag mo at passport na may itinakdang kasarian pagkapanganak sa iyo.

Mag-ingat sa pagdadala ng mga dokumentong pang-identidad na hindi tugma at huwag magdala kailanman ng mga pekeng dokumentong pang-identidad.

Dahil sa [presidential order](#) kamakailan, hindi na pinapayagan ng gobyernong pederal ang mga pagbabago sa designasyon ng kasarian sa mga dokumentong pederal gaya ng mga passport. Tinanggal na ang opsiyong "X." Kung wala kang passport na nagsasaad ng tumpak na kasarian mo, hindi ka na makakakuha niyon ngayon. Gayumpaman, maaari ka pa ring makakuha ng passport na nakasaad ang itinakdang kasarian pagkapanganak sa iyo.

Kung ikaw ay may passport na may "X" na marker ng kasarian, may bisa pa rin iyon at dapat tanggapin bilang pagkakakilanlan. Gayumpaman, posible kang pahintuin para sa karagdagang pagsisiyasat o interrogasyon at posible ring hingian ka ng karagdagang pagkakakilanlan. Kung mayroon kang driver's license o ID na mula sa estado na may "X" din na marker ng kasarian, sapat na dapat ang dalawang dokumentong iyon para mapatunayan ang iyong pagkakakilanlan at pagkamamamayan. Gayumpaman, kung ikaw ay may passport na may "X" na marker ng kasarian at ang pangalawa mong anyo ng ID ay may ibang nakasaas na kasarian, posible kang pahintuin para sa karagdagang pagsisiyasat o interrogasyon.

Kung ikaw ay walang passport at ipinanganak ka sa United States, **dalhin mo ang iyong sertipiko ng kapanganakan bilang patunay ng pagkamamamayan.** Ang mga sertipiko ng kapanganakan ay mula sa estado o teritoryo kung saan ka ipinanganak at bawat estado ay may departamentong responsable sa pag-iisyu ng mga sertipiko ng kapanganakan at pagpapanatili ng mahahalagang tala. Kung naiwala mo ang orihinal na sertipiko ng kapanganakan mo, maaari kang magpa-reissue. I-check ang iyong estado para malaman kung anong departamento ang responsable sa pag-iisyu ng mga sertipiko ng kapanganakan at mag-apply sa pagpapa-reissue.

Bawat estado ay may magkakaibang mga batas tungkol sa kung o paano maia-update ang iyong sertipiko ng kapanganakan para maisaad ang pagbabago sa pangalan o kasarian. Hindi lahat ng estado ay pumapayag na baguhin ng mga indibidwal ang kanilang pangalan sa kanilang sertipiko ng kapanganakan, kaya **kung pinalitan mo ang pangalan mo sa anumang rason, kabilang ang bagong apelyido dahil sa pagpapakasal, mahalagang dalhin ang mga dokumento mong nagsasaad ng pagpapalit mo ng pangalan kung maglalakbay.** Hindi lahat ng estado ay pumapayag na i-update ng mga indibidwal ang kanilang marker ng kasarian sa kanilang sertipiko ng kapanganakan para maisaad din ang tumpak nilang kasarian. Kahit pa maaari mong i-update ang iyong legal na sertipiko ng kapanganakan, makikita pa rin ng gobyernong pederal ang lumang datos at mga marker ng kasarian mo sa nakalipas. Gayumpaman, makatutulong pa rin ang na-update na dokumentasyon sa ngayon.



Dahil wala sa sertipiko ng kapanganakan ang kasalukuyang litrato, posible kang hingian ng litrato ng pagkakakilanlan pati sertipiko ng kapanganakan, para mapatunayan mo ang iyong identidad at pagkamamamayan. Ang pinakakaraniwang litrato ng pagkakakilanlan, maliban sa iyong passport, ay ang iyong driver's license o ID na mula sa estadong kinabibilangan mo. Hindi lahat ng estado ay pumapayag na i-update ng mga indibidwal ang kanilang marker ng kasarian sa kanilang driver's license o ID mula sa estado para maisaad ang tumpak nilang kasarian.

Para sa bagong impormasyon tungkol sa mga dokumentong pang-identidad para sa mga transgender at nonbinary, tumungo sa [Advocates for Trans Equality's \(A4TE\) ID Documents Center](#).

Mga payong pangkaligtasan para sa lahat ng maglalakbay:

► Alamin ang iyong mga karapatan sa paliparan!

- Maging handa para sa mga karagdagang pagsisiyasat o tanong mula sa TSA, CBP, o iba pang pang-imigrasyong opisyal.
- Sa paliparan, may karapatang kang **hindi** sumagot sa anumang mga tanong tungkol sa iyong paniniwalang politikal o relihiyon, o mga naging gawi at aktibidad sa nakalipas.
- Sa paliparan, may karapatan kang **hindi** pumirma sa anumang mga dokumento. Sa mga may green card: huwag pumirma sa anumang magdudulot ng pagkawala ng iyong pagiging permanenteng residente.
- Sa paliparan, maaari mong hingiing may makausap kang abogado, pero *hindi garantisado* na papayag ang gobyerno. Ngunit kung susubukan ka nilang ipa-deport, sa karamihan ng mga kaso, may karapatan kang makipag-usap sa husgadong pang-imigrasyon.
- *Matuto ng higit pa sa pamamagitan ng pagbabasa ng American Civil Liberties Union's [Know Your Rights at the Airport](#).*

► Magdala ng mga pisikal na kopya ng mga mahalagang dokumento para sa iyong sarili at sa mga miyembro ng pamilya mo, kabilang ang patunay ng legal na estado ng imigrasyon at mga sertipikadong kopya ng mga court order kaugnay ng pagkakasala kung ikaw ay naaresto sa nakalipas. Siguraduhing alam ng mahal sa buhay kung saan makikita ang mga kopya ng mga dokumentong ito sa bahay.

- Kung ikaw ay magulang na LGBTQ+, magdala rin ng mga sertipikadong kopya ng anumang court order kaugnay ng pag-ampon at/o hatol ng korte sa pagiging magulang, pati mga sertipiko ng kapanganakan ng mga anak mo.
- Kung nagpalit ka ng pangalan, magdala ng sertipikadong kopya ng iyong pagpapalit ng legal na pangalan.



- ▶ **I-secure ang iyong mga phone, laptop, at iba pang device:** Posibleng i-search ng mga tagapagpatupad ng batas ang iyong mga device. Bago maglakbay, magsagawa ng mga hakbang upang maprotektahan ang iyong personal na datos at pribadong komunikasyon. I-print ang iyong ticket upang hindi mo kailanganing gumamit ng phone sa pagsakay ng eroplano. I-off ang facial recognition at fingerprint unlocking, at mag-sign out sa iyong email at social media accounts.
- ▶ **Magsagawa ng planong pangkaligtasan:**
 - Siguraduhing ikaw at ang iyong mga kapamilya ay nakapagkabisado ng mga numero ng telepono ng mga abogado at kahit isang mahal sa buhay na maaaring tawagan sakaling mangailangan ka ng tulong. Makatutulong din ang pagkabisado sa detention hotline ng Immigration Equality na 917-654-9696 (<https://immigrationequality.org/about-us/>).
 - Siguraduhing ang itinalagang maging on-call ay may A numbers ng lahat ng di-opisyal na mamamayan ng U.S. sa pamilya, at alam kung saan makikita ang mga kopya ng mga mahalagang dokumentong pang-imigrasyon ng iyong pamilya. Sabihin sa taong iyon na maaari niyang gamitin ang website na ito upang mahanap ka kung ikaw o ang kapamilya ay nakulong: <https://locator.ice.gov/odls/#/search>. Maaari ring gamitin ang sanggunian mula sa NILC na [How to Find a Loved One After a U.S. Immigration Arrest](#).
 - Siguraduhing ang itinalagang maging on-call ay nauunawaan ang mga isinagawang plano kaugnay ng kahandaan ng pamilya, kabilang ang pansamantalang pag-aalaga sa mga anak mo kung sakali.
- ▶ **Pagpirma sa privacy waivers:** Kung ikaw ay inaresto at ikinulong, hindi ibabahagi ng ICE ang impormasyon tungkol sa kaso mo maliban kung pumirma ka sa [espesipikong privacy waiver form](#) na ito. Maaaring ikaw o ang ibang nakatatanda sa iyong pamilya ay pumirma sa isa o higit pa sa mga form na ito at iwan sa mahal sa buhay sakaling maaresto ka.
- ▶ **Makipag-usap sa abogadong pang-imigrasyon bago maglakbay:** Kung mayroon kang tala ng kriminal na pagkakasala, makipag-usap sa abogadong pang-imigrasyon na bihasa sa batas kriminal. Magtanong tungkol sa mga peligro, pagpipilian, at mga legal na karapatan mo. Magtanong kung posible kang maging kalipikadong makapagpiyansa sakaling makulong ka.
- ▶ **Kung ikaw ay magulang, makipag-usap sa abogadong pampamilya bago maglakbay:** Maghanap ng abogadong bihasa sa LGBTQ+. Posibleng hindi sapat ang pagkakasaad ng mga pangalan ng parehong magulang sa sertipiko ng kapanganakan. Magtanong tungkol sa “pangalawang magulang,” “madrasta o madrasto,” o



“pagpapatibay ng karapatan bilang magulang” sa pamamagitan ng pag-ampon sa iyong estado para mas maproteksiyonan ang iyong pamilya.